



Budget 2020–21

Ang Badyet sa isang Sulyap

Mas mababang mga buwis para sa masisipag na mga Australyano

Sa Badyet na ito, ang Pamahalaan ay naghahatid ng karagdagang \$17.8 bilyon bilang relyebo sa buwis ng personal na kita para suportahan ang pagpapabuting muli ng ekonomiya, kabilang ang karagdagang \$12.5 bilyon sa susunod na 12 buwan. Ito ay dadagdag sa \$8.1 bilyong relyebo sa buwis na ihahatid para sa 2020-21 na taon ng kita sa ilalim ng naisabatas nang Personal Income Tax Plan (Plano para sa Buwis sa Personal na Kita).

Sa ilalim ng mga pagbabagong ginawa ng Pamahalaan, ang mga indibidwal ay makikinabang mula sa pagsusulong ng mga pagbabawas sa buwis sa Stage 2 ng Plano nito, pati na rin ang one-off (minsan lamang) na karagdagang benepisyo mula sa nasa mababa at panggitnang income tax offset sa 2020-21.

Sumusuporta sa konstruksyon ng pabahay

Bilang bahagi ng aming plano sa pagpapabuting muli ng ekonomiya upang lumikha ng mga trabaho, pagtatayong muli ng ating ekonomiya at pagsisiguro sa kinabukasan ng Australya, isang karagdagang 10,000 mga tao na bibili ng una nilang bahay ang makakabili ng bagong bahay nang mas maaga sa ilalim ng pinalugitang First Home Loan Deposit Scheme (Iskema sa Pangdepositong Pautang para sa Unang Bahay).

Ang karagdagang 10,000 puwesto ay ibibigay sa 2020-21 upang suportahan ang pagbili ng isang bagong bahay o isang katatayo lamang na bahay. Ito ay magpapahintulot sa mga bibili ng una nilang bahay na makakuha ng pautang upang magtayo ng bagong tahanan o bumili ng bagong tayo na tirahan na may depositong kasingliit ng 5

porsiyento, na may paggarantiya ng Pamahalaan ng hanggang 15 porsiyento ng pautang.

Pamumuhunan sa infrastructure

Simula sa pag-umpisa ng pandemyang COVID-19, ang Pamahalaan ay nangakong mamuhunan ng karagdagang \$14 bilyon sa bago at pinabilis na mga proyektong infrastructure sa susunod na apat na taon. Ang mga proyektong ito ay susuporta sa karagdagang 40,000 trabaho sa panahon ng kanilang konstruksyon.

Ang pamumuhunang ito ay bahagi ng pinakamagaling na 10-taon na pamumuhunan sa infrastructure, na pinalawak hanggang \$110 bilyon at sumusuporta na sa 100,000 trabaho sa mga sityo ng trabaho sa buong bansa.

Sumusuporta sa negosyo at pamumuhunan

Upang suportahan ang bagong pamumuhunan at palakihin ang cash flow ng negosyo, ang Pamahalaan ay nagbibigay ng pansamantalang insentibo sa buwis, na makukuha ng halos 3.5 milyong mga negosyo (mahigit 99 porsiyento ng mga negosyo) na nag-eempleyo ng humigit-kumulang na 11.5 milyong manggagawa. Tutukoy ang insentibo sa humigit-kumulang \$200 bilyong halaga ng pamumuhunan, kabilang ang 80 porsiyento sa depreciable assets (mga biniling mga bagay para sa negosyo na may takda ang buhay) ng mga kompanyang hindi minahan. Mula sa ika-7:30ng gabi (AEDT) sa ika-6 ng Oktubre 2020 hanggang sa ika-30 ng Hunyo 2022, ang mga negosyo na may turnover (napagbilhan) na hanggang \$5 bilyon ay makapagbabawas ng buong halaga ng marapat na depreciable assets na may anumang halaga sa taon na ang mga ito ay nainstala. Ang gastos sa pagpapabuti sa kasalukuyang mga depreciable assets na ginawa sa panahong ito ay lubusan ding maibabawas.

Pahihintulutan din ng Pamahalaan ang mga kompanya na may turnover na hanggang \$5 bilyon

na mag-offset ng mga kalugihan laban sa nakaraang mga tubo kung saan may buwis na naibayad na, upang magkaroon ng refund (balik-bayad). Ang pagbabalik ng kalugihan ay makukuha ng humigit-kumulang sa 1 milyong kompanya na nag-eempleyo ng hanggang 8.8 milyong manggagawa. Ang mga kalugihang nangyari hanggang 2021-2022 ay maaaring maibalik laban sa mga tubo na nakuha noong, o makaraan ang 2018-19. Ang marapat na mga kompanya ay makakapili na tumanggap ng tax refund kapag sila ay nagsumite ng kanilang 2020-21 at 2021-22 na tax return (buwis sa kinita).

Isang digital na Australya

Napabilis ng pandemyang COVID-19 ang paggamit ng mga teknolohiyang digital ng mga negosyo at mga konsyumer sa Australya na nakapag-ibang-anyo ng kanilang pamamalakad at patuloy na nangalakal sa panahon ng krisis.

Ang Digital na Plano sa Negosyo ng Pamahalaan ay dadagdag sa pagtulak na ito upang suportahan ang isang mas malawak na paggamit ng mga bagong teknolohiya sa buong ekonomiya – ng kapwa mga negosyo at mga konsyumer. mga negosyo at mamimili.

Isang karagdagang \$4.5 bilyong pamumuhunan sa NBN Co ay magdadala ng sukdulang-bilis na broadband sa milyon-milyong mga pamilya at mga negosyo. Ang pondong \$29.2 milyon ay magpapabilis din sa pag-rollout ng 5G network.

Pagpapabuti ng kadalian ng pakikipagnegosyo

Ang pagtanggap ng red tape ay isang mahalagang elemento ng Economic Recovery Plan para sa Australya ng Pamahalaan. Ito ang dahilan kung bakit ginagawa ng Pamahalaan na mas madali para sa mga negosyo ang pamumuhunan, paglikha ng mga trabaho, mabilis na pagtugon sa mga hamon at pagsunggab sa mga oportunidad.

Sa Badyet na ito, ang Pamahalaan ay:

- Gagawing mas madali ang pagdaloy at pagiging digital ng isang malawak na hanay ng mga prosesong pampamahalaan
- Babawasan ang mga regulasyon na nagpapataw ng di-kinakailangang mga gastusin at humahadlang sa aktibidad ng negosyo
- Susuportahan ang maliit na mga negosyo sa pamamagitan ng pagpapabuting muli

- Mga bagong apprenticeship upang makatulong sa pagpapabuting muli ng ekonomiya
- Suporta para sa mga naghahanap ng trabaho
- Mas maraming nagtapos na handa na sa trabaho
- Mga maiikling kurso upang ang mga Australyano ay sanaying muli at maitaas ang kasanayan

JobMaker Hiring Credit

Ang bagong JobMaker Hiring Credit ng Pamahalaan ay tutulong pabilisin ang paglago sa trabaho sa panahon ng pagpapabuting muli sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga insentibo sa negosyo upang humirang ng karagdagang mga empleyado na mga kabataang nasa edad na 16 hanggang 35 taong gulang na naghahanap ng trabaho. Ang JobMaker Hiring Credit ay mahalagang bahagi ng JobMaker Plan ng Pamahalaan upang ibunsod ang pagpapabuting muli ng ekonomiya ng Australya.

Ipinapalagay na ang JobMaker Hiring Credit ay **susuporta sa humigit-kumulang sa 450,000 na mga posisyon para sa mga kabataan** at magkakahalaga ng \$4 bilyon mula 2020-21 hanggang 2022-23.

Pamumuhunan sa edukasyon, mga kasanayan at mga apprenticeship

Ginagawa ng Pamahalaan ang pag-unlad ng mga kasanayan na isang mataas na prayoridad bilang bahagi ng JobMaker Plan nito. Ang pangakong ito ng Pamahalaan ay susuporta sa paglalagay ng mga tao sa mga trabaho at titiyaking ang mga Australyano ay may tamang mga kasanayan para sa mga trabaho sa hinaharap.

- JobTrainer (Tagapagsanay para sa Trabaho) - lumalaking workforce (lakas-paggawa) ng Australya

Paghahatid ng pang-ekonomiyang seguridad para sa kababaihan

Ang Pamahalaan ay naghahatid ng 2020 Women's Economic Security Statement upang madagdagan ang paglahok ng kababaihan sa trabaho, mapabuti ang potensyal at mapahusay ang kalayaan sa kabuhayan. Ang \$240.4 milyong pakete ay maghahatid ng mga oportunidad sa trabaho, suporta sa mga magulang at suporta para sa kababaihan sa lugar ng trabaho.

Kabilang dito ang mga programang pantrabaho upang suportahan ang pamumuno at pag-unlad ng kababaihan, at dagdagan ang mga oportunidad para sa kababaihan sa agham, teknolohiya, engineering at matematika (STEM), negosyo at mga industriyang kalalakihan ang nagdodomina.

Sumusuporta sa pagmanupaktura at pananaliksik at pag-unlad

Ang pandemyang COVID-19 pandemic ay nagtutok ng liwanag sa kritikal na kahalagahan ng mga supply chain at pagkakaroon ng isang naibabagay, naiaakma at inobatibong kakayahan sa pagmanupaktura.

Ang \$1.5 bilyong Modern Manufacturing Strategy (Makabagong Estratehiya sa Pagmanupaktura) ng Pamahalaan ay isang planong pangmatagalan upang suportahan ang pagpapabuting muli ng ekonomiya ng Australya.

Ang Pamahalaan ay namumuhunan ng karagdagang \$2 bilyon sa pamamagitan ng Research and Development Tax Incentive (Insentibo sa Buwis para sa Pananaliksik asat Pag-unlad).

Seguridad sa enerhiya at mga pagbabago sa merkado

Sa buong bansa, ang mga presyo ng elektrisidad pang-sambahayan ay bumaba ng 4.7 porsyento mula noong Disyembre 2018, habang ang mga presyo ng pakyawang elektrisidad ay bumaba sa loob ng nakaraang 12 buwan. Upang mapanatili ang mas mababang mga presyo, ang Pamahalaan ay makikipagtulungan sa mga pribadong provider (tagapagbigay ng serbisyo) upang madagdagan ang kapasidad ng maididispatsang elektrisidad, at upang matiyak ng National Cabinet (Pambansang Gabinete) ang isang mahusay at integradong sistema.

Sinisiguro ng Pamahalaan ang suplay ng koryente, gasolina at gas upang panatilihin mababa ang mga presyo, lumikha ng mga bagong trabaho at sumuporta sa mga lokal na industriya.

Sumusuporta sa matatag na mga rehiyon

Patuloy na pinaninindigan ng Pamahalaan ang panrehiyong Australya na nakapagtiis sa baha, apoy, tagtuyot at ngayon, sa COVID-19. Sa pamamagitan ng isang pangrehiyong pakete ng higit sa \$ 550 milyon, ang Pamahalaan ay susuporta sa ating mga rehiyon upang makabawi mula sa mga epekto ng COVID-19. Ito ay dadagdag sa suporta na ibinigay sa pamamagitan ng \$1 bilyong COVID-19 Relief at Recovery Fund.

Isang mas ligtas at matatag na Australya

Ang Pamahalaan ay nagtatayo ng infrastructure ng tubig para sa ika-21 Siglo na tutulong upang

madagdagan ang ating seguridad sa tubig, bumuo ng panrehiyong katatagan, maghatid ng mga trabaho at magpalago ng ating kritikal na sektor ng agrikultura. Ang \$2 bilyong pamumuhunan para sa mga bagong proyekto sa ilalim ng National Water Infrastructure Development Fund ay susuporta sa susunod na henerasyon ng infrastructure sa tubig sa pamamagitan ng Grid.

Ang Pamahalaan ay namumuhunan din ng \$270 milyon sa Murray-Darling Community Investment Package na magpapabuti sa kalusugan ng Basin habang sumusuporta sa panrehiyong pag-unlad.

Upang matiyak na ang Northern Australia ay magpapatuloy makinabang mula sa infrastructure upang suportahan ang mga serbisyong kailangang-kailangan, pinalawig ng Pamahalaan ang Northern Australia Infrastructure Facility (NAIF) para sa karagdagang limang taon, hanggang Hunyo 2026, at pinalawak ang mga panukat sa pagpapahiram nito.

Pagprotekta sa ating kapaligiran

Ang Pamahalaan ay namumuhunan ng \$47.4 na milyon upang protektahan ang ating mga karagatan at ibalik ang kanilang kalusugan at nangangako ito ng \$29.1 milyon upang mabawasan ang panganib ng kontaminasyon ng kemikal sa lupain ng Komonwelt.

Ang Pamahalaan ay mamumuhunan ng \$249.6 milyon sa loob ng apat na taon upang gawing moderno ang infrastructure ng pagre-resaykel, mabawasan ang basura at mag-resaykel ng higit pa sa loob ng Australya.

Paghadlang, pagtuklas at paggamot sa COVID-19

Sa Badyet na ito, ang Pamahalaan ay namumuhunan ng \$4.9 na bilyon para sa isang hanay ng pangkalusugang mga hakbang na titiyak na ang mga Australyano na patuloy na tatanggap ng pangangalagang medikal at suportang kailangan nila sa buong panahon ng pandemya.

Ang naibabagay at may antas na tugon ay nagbibigay-kakayahan sa sistema ng kalusugan upang tumugon, protektahan ang lahat ng mga Australyano.

Sumusuporta sa mga Australyano sa panahon ng pandemya

Ang Pamahalaan ay nagbibigay ng walang katulad na pinansyal na tulong sa mga Australyano upang suportahan sila sa panahon ng pandemyang COVID-19, kabilang ang:

- Ang JobKeeper Payment (Kabayaran sa Pagpapanatili ng Trabaho)
- Karagdagang kita para sa mga indibidwal
- Dalawang karagdagang Economic Support Payment para sa mga pensyonado at iba pang karapat-dapat na mga tatanggap
- Pansamantalang access sa superannuation

Ang Iyong Kinabukasan, ang Iyong Super

Ang Pamahalaan ay nakatuon na gawing higit na magsikap ang superannuation ng mga Australyano para sa kanila upang madagdagan ang kanilang mga inipon para sa pagreretiro.

Ang mga repormang gagawin ng Pamahalaan sa *Iyong Kinabukasan, ang Iyong Super* ang susunod na yugto ng balak na reporma ng Pamahalaan at makikitang makapag-iipon ang mga Australyano ng \$17.9 na bilyon sa loob ng susunod na dekada.

Pagpapanatiling ligtas ng mga Australyano

Matatag ang kakayahan ng Australya sa kaligtasang pang-cyber, ngunit ang mga banta na ating kinakaharap sa online ay lumalaki. Nabigyang-diin ng Covid-19 kung paano tayo namumuhay at nagtatrabaho sa online. Ang Pamahalaan ay magbibigay ng karagdagang \$201.5 milyon upang maghatid ng 2020 Cyber Security Strategy.

Sinusuportahan ng Pamahalaan ang mga tao na nagpapanatili sa ating pagiging ligtas sa pamamagitan ng paglalaan ng \$300.2 milyon sa AFP upang palakasin ang kanilang kakayahan upang panatilihin ang mga Australyano sa isang kumplikadong kapaligirang may lumalaking banta.

Sumusuporta sa ating rehiyon

Ang Australya ay may isang malalim at matibay na malasakit sa katibayan, kaunlaran at katatagan ng Pacific at Timog-Silangang Asya, na makikita sa Pacific Step-Up at iba pang mga inisyatibo. Tinitiyak ng Pamahalaan ang pagpapabuting muli sa ating rehiyon:

- Pamumuhunan sa COVID-19 Vaccine Access at Health Security Program sa mga bansa sa Pacific at Timog-Silangang Asya.
- Ang Australian Infrastructure Financing Facility para sa Pacific
- Paggaling mula sa COVID-19 – Suporta sa Pacific at Timor-Leste
- Naghahatid ng mga proyektong infrastructure ng seguridad sa Southwest Pacific